

# CHAPTER *One*

*B*aras, Catanduanes, Saturday

“Well, guys, mukhang wala nang makausap nang matino sa inyo. Ano, alak pa more?” Natatawang namaywang si Jessamyn sa grupo ng campers na kasama niya.

Pasado alas onse pa lang ng gabi pero puro namumula na ang mga pisngi at namumungay ang mga mata ng mga ito. *Screwdriver* at *vodka seven* lang naman ang tinira ng mga kasama niya; habang *spicy Marty’s*, barbecue *Tortillos* at *Boy Bawang* chili and cheese ang pulutan. Hindi niya napansin kung may nakaapat bang shot sa mga ito dahil abala sila sa team-building games nila, kaya malamang ay ang

pagod sa biyahe ang dahilan ng agad na pagsuko ng mga ito sa inuman.

Anyway, unang gabi pa lang naman nila roon. Kaninang bago magtanghali sila dumating. Bukas ay magha-hike sila kaya hahayaan na niyang magpahinga ang mga ito.

“Alright, sige na, magpahinga na tayo. Kailangan bukas by seven ay nandito na uli tayong lahat for breakfast, okay?”

Masunuring tumayo na ang labindalawang kliyente nila na kasama sa weekend beach camp na iyon, kabilang ang tatlong magbabarkadang Koreano na lumapit sa kanya at nag-alok ng tulong sa pagliligpit.

Nakangiting umiling si Jessamyn. “Thank you, but I’ll manage. And Troy will help me.” Tumango siya sa direksyon ng kaibigan na siyang may-ari ng *Sand and Stars Weekend Camps*, kung saan isa siya sa mga partners sa loob ng halos isang taon na ngayon.

Kabarkada niya mula pa college si Troy, na nang bumalik sa bansa kasama ang American partner nitong si Andrew ay nagtatag ito ng matagumpay na ngayong events planning business na two years ago ay nagdagdag ng pagpapalano ng mga weekend beach trips. Noong isang taon ay inalok sila nito na

sumosyo at maging tour leader, pati ang isa nilang kaibigan na si Gray na nagtatrabaho sa gobyerno.

It was one of the best decisions they made at pakiramdam nila ay mas naging balanse at stress-free ang buhay nila kaya mahal nila ang sideline na ito. Sideline, dahil ang trabaho niya talaga ay pagiging home-based editor para sa isang publishing house.

“Bakla, mukhang type ka n’ung Koreano,” nangingislap ang mga matang sabi ni Troy na may hawak na trashbag para sa mga pupulutin nilang kalat. Si Jessamyn naman ay pinagsama-sama sa isang ziplock bag ang mga natirang chichirya. Kung hindi sa mga streetkids ay ibibigay niya iyon sa mga kakilalang barker o tricycle driver sa kalye nila sa Sampaloc, Manila.

“Sorry, hindi ko siya type. Mas pretty at mas makinis pa siya kaysa ‘kin,” naiiling na sagot niya bago inilagay sa paperbag, pagkatapos sa wet bag ang mga naipong tira. “Beks, dadalhin ko lang ‘to sa tent natin. Babalik ako dito, ha.”

“Okay lang, go! Pag di mo ‘ko naabutan *ditey*, malamang tumawag si *bebe* at nilalandi ko muna.” Maarteng tumawa ang kaibigan at itinuloy na ang pagliligpit.

Naiiling na iniwan na muna ito ng dalaga at tumakbo sa tent nila para ilagay doon ang mga dala. Kinuha rin niya ang overnight knapsack na naglalaman ng toiletry kit, tuwalya at pamalit na damit. Pagkatapos linisin ang paligid ng bonfire ay maliligo na siya sa *Sea and Sky Resort Inn*, ang chain ng beach resort and garden para sa mga budget travellers.

Three months ago lang nila naging official partner ang *Sea and Sky*, at sa malawak na grounds nito sila nagpi-pitch ng mga tent nila. Kasama sa package nila ang paggamit ng toilet and bathrooms, pati buffet meals o boodle fight na provided ng resort. So far, maganda ang reviews sa tie-up na iyon.

*O, nasaan na ang baklang iyon?* Nangunot ang noo ni Jessamyn nang pagbalik sa bonfire ay wala na roon si Troy, malamang ay nakikipaglandian na nga sa partner nitong sa kasalukuyan ay nasa isang beach wedding sa Boracay. Ito at si Gray ay parehong mahilig sa art and photography kaya madalas nilang pinagsasamang mamahala sa mga formal events nila.

Pinagmasdan niya ang bonfire na malakas pa rin ang apoy at ang malawak na dagat sa di-kalayuan. Walang bituwin nang gabing iyon pero new moon kaya maliwanag ang buwan. Dinampot niya ang

watering can na dala siguro ni Troy at itinapat iyon sa apoy. Hinawi niya ng stick ang mga kahoy para siguruhing mamamatay din ang бага. Itataob pa lang sana niya ulit ang sprinkler nang maramdamang may humawak sa kanyang baywang, at inilapat ang harap nito sa likod niya.

Agad siyang kinabahan at nabitawan ang watering can. Huminga siya nang malalim bago humarap sa nanghihipo sa kanya saka iyon hinampas ng stick. Pero payat ang hawak niya at bahagya lang tumama sa dibdib ng hayop na nambabastos sa kanya, kaya tumawa lang ito at hinagip siya sa braso at baywang. “Yaa, don’t play games, ah. I saw you looking at me.”

Nanlaki ang mga mata ni Jessamyn. “Eh gago ka palang amoy-kimchi ka, eh!” Maagap na hinawakan niya ang gilid ng mukha nitong balak ilapit sa kanya bago ito sinipa sa binti. Nabitawan siya ng lalaki at agad siyang tumakbo papunta sa inn, na mas malapit kaysa sa tent niya. Pero nakakailang hakbang pa lang ay nahablol na ng lalaki ang likod ng t-shirt niya, bago siya sinuntok sa balikat, dahilan para mapaupo siya sa buhangin.

*Oh, my God!* Sumubok siyang umatras habang dumadakot ng buhangin, pero agad nahawakan ng

lalaki ang kanyang mga braso.

“Be quiet, yah! I know you Filipinas are crazy about Koreans.”

“G\*go ka! Hayop ka!” Nagpumiglas siya pero itinulak siya nito at sinampal.

“I don’t like hurting women but you be quiet!” he hissed.

“No! Damn you, I’m not going to be quiet, you stupid piece of sh\*t! No! Help! HELP ME!” she shouted. Paos na ang boses at nanginginig na ang mga braso ni Jessamyn pero hindi siya tumigil sa pagpupumiglas. Lalaban siya at susubukang talunin ang hayop na ito hangga’t kaya niya.



Kasama ang maaasahan nilang guard na si Kuya Mando ay nagsimulang maglibot sa nasasakupan ng resort si Aidan. Dala nila ang tig-isang flashlight at stun gun, sakaling may maligaw na masasamang-loob. Maliban sa mga pasaway na lasing ay wala pa naman siyang nae-encounter na kriminal sa mga *Sea and Sky Resorts* kung saan isa siya sa mga rotational weekend managers, bukod sa pagiging investor at partner.

Three months ago ay naging partner nila ang *Sand and Stars*, at ayon sa may-ari ng *Sea and Sky*

Resorts na si Chester Mondragon, halos dumoble ang kita nila dahil sa magagandang reviews at rekomendasyon ng mga nagiging kliyente ng weekend camp na iyon. Kaya naman sinisiguro nilang secured din ang campsites nila.

“T\*ngina, boss! Ano ‘yon? May—” Puro mura ang sumunod na lumabas sa bibig ng kasama niya habang tumatakbo sa direksyon ng bonfire. Maliit na lang ang apoy at madilim sa lugar na iyon kaya hindi agad mapapansin. But it was clear that some bastard was trying to have his way on someone, and in seconds, he was running faster than his companion.

“No! Damn you, I’m not going to be quiet, you stupid piece of sh\*t! No! Help! Help Me!”

F\*ck! Halos madapa na siya sa buhangin. Halos nasa ibabaw na ng isang petite na babae ang matangkad at maputing lalaking malakas magsalita ng lengguwaheng hindi niya maintindihan. The woman was kicking and trying to pull her arms from the man but he was obviously bigger and stronger.

But Kuya Mando was fiercer. Hinablolot nito ang braso ng lalaki at hinawakan niya ang isa pa, bago nila hinila palayo sa babaeng halos nakahiga na sa buhanginan. Her clothes were still intact but disheveled, and she seemed weak as she clutched at

her left shoulder.

“T\*ngina mo, g\*go! Sinaktan mo pa!” Hindi na napigilan ni Aidan ang sarili, agad niyang niregaluhan ng uppercut ang lalaking nagpupumiglas pa. Natumba ito at sinamantala iyon ni Kuya Mando para idikit sa balat nito ang stun gun at diinan iyon. The bastard let out a curse then a shriek, before he became quiet.

Agad niyang binalikan ang babae na habol ang paghinga at nanginginig habang may tila hinahanap sa buhanginan. Lumapit siya at inalalayan itong tumayo, pero parang matutumba ang estranghera.

“Nasaan na ang g\*gong hayop na ‘yan? Mamatay ka na!” paos na sabi nito habang parang may hinahanap pa rin kahit halos nakasandal na sa kanya.

Natigilan si Aidan. Bakit parang pamilyar ang boses nito? Hinawakan niya ito sa braso at pinalis ang mga buhanging dumikit doon. “Sssh, tama na. Na-subdue na siya. Kinuryente na ni Kuya Mando—”

“Kukuryentehin ko uli, hayop siya!” Huminga ito nang malalim bago naisandal ang ulo sa kanyang balikat. Parang nagpipigil itong umiyak at magwala. “Hayop siya ipapa-blacklist ko ‘yan, hindi na siya makakabalik ng Pilipinas, g\*go siya.”



Hinaplos niya ang ulo ng babae. “We’ll help you do that. Ano ba’ng ginawa niya sa iyo?” Maingat na binuhat niya ito, na hindi naman nagprotesta at kumapit lang sa kanya. “Are you hurt?”

“Yung salamin ko. ‘Yung salamin ko, naalis. Wala akong gaanong makita. Mahina ang night vision ko...”

Nilingon niya si Kuya Mando, at noon lang din napansing marami nang miron. May kumukuha pa yata ng pictures. Naiiling na nagsimula na uli siyang maglakad. “Kuya, tingnan mo kung may salamin d’yan. Pakisunod sa office.” Muli niyang tiningnan ang karga na noon ay parang inaaninaw din siya.

Agad siyang kinabahan, hindi iyon maintindihan ni Aidan. Ngayon ay alam na niya kung bakit familiar ang babaeng iniligtas niya.



Just a minute ago, Jessamyn was practically breathing fire and ready to inflict bodily harm to the lowlife who assaulted her. Now, it’s like she was doused with ice cold water. Parang nanigas ang kanyang likod at nawala sa focus sa kanina lang ay naka-outline nang proseso sa utak niya ng kung ano’ng gagawin sa Koreanong sumubok na abusuhin siya.

She was really grateful for the two men who rescued her, dahil sa kabila ng galit kanina at pagpupumilit pa ring lumaban sa lalaking muntik nang magsamantala sa kanya, hindi pa rin maitatangi ang takot niya. Mas matangkad ito, mas malakas ang katawan, at base sa mga precise na tama sa kanya ay matindi ang impact niyon. Sigurado siyang may at least tatlong malalaking pasa siya ngayon. Halatang bihasa sa kung anong combat sport o martial arts ang lalaki, at hindi nangingiming manakit makuha lang ang gusto.

Kinilabutan ang dalaga sa naisip, napahigpit tuloy ang hawak niya sa likod at harap na bahagi ng t-shirt ng lalaking may buhat sa kanya. What if they didn't see her? Napapikit siya at naisubsob ang mukha sa dibdib ng lalaki.

“Are you okay? Giniginaw ka ba? Can you hear me?” marahang tinapik nito ang bahagi ng braso niyang naaabot ng kamay. Dama rin niya ang mainit nitong hininga sa kanyang noo. Naaamoy pa niya tila cologne o aftershave nito. At ang fabric conditioner sa damit.

And he's warm, no, *hot*. Manipis ang t-shirt ni Jessamyn at maikli ang shorts. Wala na rin ang tsinelas niya. Malamig pa ang hangin at ginawin talaga siya.

But that's not why she was still feeling the cold shivers running up and down her spine. It was more because of what she's hoping wasn't true at the moment.

*Sana hindi siya ito. Hindi puwede. Wala na sa Pilipinas 'yon, eh! Pero kahit may naiba na, alam at pamilyar sa kanya ang boses ng lalaking halos yakap niya ngayon.*

“Huwag ka na munang bumalik sa tent mo. Puno ang inn ngayong weekend pero may extra room sa villa sa likod. You can stay there. It's warmer. Bukas ng umaga pagdating ni Ate Bebs, 'yung nurse, ipapachek agad kita. You might be in shock. May masakit pa sa 'yo?”

*Oh, God...* The more he talked, the more nervous she became. Hindi na siguro siya nito naaalala. Pero paano mamaya? Kapag maliwanag na, paano kung makilala siya ng lalaki? Bakit kinakabahan pa rin siyang makita ito?

“Yung salamin ko, please,” nasabi na lang ni Jessamyn. Ang mahal pa mandin ng pagawa niya roon! Puwede nang suportahan ang isang maliit na pamilya sa isang buwan sa presyo niyon dahil transition, progressive, multi-coated lens that—

“Ipapahanap ko, okay? Pag nasira, icha-charge

kay Boss. Mondragon iyon. Baka ibili ka pa ng sarili mong optical shop.” May amusement sa boses ng kausap. Humigpit uli ang kapit niya, hindi alam kung ano ang ire-react sa pagbibiro ng lalaki.

*Wait ‘til you see me with better lighting.*

Naramdaman ni Jessamyn na paakyat na sila sa inn. Lumiliwanag na at sasabihin sana niyang ibaba na siya nito pero nauna ang boses ni Troy.

“Ohmigosh, baklaaa! Ano’ng nangyari sa ‘yo? Na-injure ka? Nahulog sa apoy? Tinangay ng alon? I’m so sorry! Ise-secure ko lang sana ang isang stall sa bathroom para sa iyo para makapag-shower at rest ka na, kaya ako nandito ’tapos... ooohh, um, hi.”

*Sh\*t.* Tama yata ang hinala niya. Mukhang nakilala ng kaibigan ang may karga sa kanya ngayon.

“Inatake ako ng hunyangong Koreano, beks! Nahulog ang salamin ko malapit sa bonfire. Mamaya na ‘ko magkukuwento. Pakihanap muna ‘yon please. Pati tsinelas at knapsack ko. Now na, beks. Mukhang multo kayong lahat sa paningin ko,” dere-derechog pakiusap ni Jessamyn para mataranta ang kaibigan, na effective naman.

“Okay, gogora na ‘ko! OMG!”

“Pakidala na lang ‘yung glasses at mga gamit niya sa villa sa tabi, pare. Doon ko na siya dadalhin,”

pahabol dito ng may buhat sa kanya.

Sa kabila ng nararamdaman ay medyo natawa siya sa narinig na “Okay, pare!” mula kay Troy bago ito lumabas.

“Kumain ka na ba? Were you drunk? Do you want coffee?”

“Tea. Konting sugar lang. Crackers or toast kung meron. Para ‘kong nahihilo na nasusuka. Sinuntok ako ng g\*gong iyon sa tiyan.”

Mahinang napamura ang lalaki bago nagbilin sa receptionist, pagkatapos ay dumerecho na sa side door na papunta sa villa nito. May sampung metro lang siguro ang nilakad nila bago muling umakyat at huminto sa harap ng isang pintong walang hirap nitong ini-unlock at binuksan kahit karga siya.

Maingat na ibinaba siya nito sa sala. May kinuha itong maliit na towel mula sa kung saan at pinunasan ang mga braso at binti niyang may buhangin. Pati ang ulo at buhok niya ay tiningnan nito.

*God, doesn't he recognize me? Am I that forgettable?*

“Stay here. Kukunin ko lang ang laptop ko. We'll get on *Skype* with the boss. He'll take care of everything,” sabi nito habang inaayos ang mga throw pillows sa L-shaped couch para mapatungan ng paa.

“I don’t intend to cause this much trouble. Okay na sa ’kin na ma-blacklist ang hayop na iyon,” mahinang sagot niya.

“We’ll do that, Jessamyn,” he replied, his voice trailing off as he said her name, like he wasn’t quite sure.

But she heard him. Crystal clear. He remembered.

*He knows me.*

It’s really him... Aidan.

# CHAPTER *Two*

*At a university in Quezon City, Monday seven  
A years ago...*

*You're the most brilliant star  
In the constellation of dreams  
Above me.  
You fill my days  
With blissful luminance—*

“Yon, oh! Haba ng hair mo talaga, paps!  
Ampogi-pogi!”

“Kulang na lang ipangalan sa ‘yo ang Poetry  
Section, eh. Nahiya pa!”

“Anak ng! *For ACP, like always. You amaze me.*”

Ikaw na ang amazing, p're!"

"Eeeww, kapal talaga ng mukha ng babaeng 'yan! Hindi ko ma-gets kung bakit at paano siya pinapayagan ng editor na gawin 'yan?"

"Right? She could've just kept her feelings to herself! Trying hard magpapansin. Yuck! Sulat kaya tayo sa Feedback Section at ipa-suspend? Nakakahiya na ang ginagawa niya. Ano nga email nila para sa feedback?"

"Yeah! Let's address it to the editor! I-pressure natin..."

Napabuntong-hiningang binuklat ni Aidan ang pahina ng school paper nila at itinuro ang pangalan sa editorial box sa dalawang babaeng nagsalita.

*Jessamyn H. Caparas, Editor-in-Chief.*

Janina, one of his friends, snorted. "Eh, abusado palang editor 'yan! Wagas maka-dedicate ng tula sa 'yo every issue. Gaga lang."

"As if naman may matutuwa at mai-impress sa kabaduyan niya, ang creepy kaya!" dagdag ni Aira, ang best friend nito.

"I'm not creeped out. Magaling siyang magsulat, di ba? I mean, not just the poems. At okay lang naman sa 'kin 'yun. Hindi ako offended," mahinahong depensa ni Aidan, maingat ang pagbitaw sa bawat salita.



The people around him, all six of them, have been his friends since sophomore year. Ngayon ay malapit na silang magtapos sa Arts and Sciences Department ng *Ackerton University*, kung saan isa siyang talent scholar bilang miyembro ng college band at isa sa accompanyists ng university chorale.

His older siblings couldn't possibly afford sending him to the local campus of a renowned international university, but when he learned that they offer scholarships even for talented musicians, he applied and got in. Allowance na lang ang sagot ng mga ate at dalawang kuya niya na nagsisilbing mga magulang niya simula nang maulila sila seven years ago.

Naunang pumanaw ang kanyang ina dahil sa cancer eight years ago. Sumunod ang tatay niyang pulis na napatay habang inaaresto ang isang malaking drug lord. May naiwang insurance at ipon ang mga magulang na ginamit ng kuya niya para magtayo ng maliit na computer shop at general store na pitong taon nang isa sa income sources nila.

Sa ngayon ay tapos nang lahat sa pag-aaral ang mga nakatatanda niyang kapatid, pero dahil naghahanda sa pag-aasawa ang dalawa sa mga ito ay kailangan pang magtipid. Kailangan ding ma-

maintain ang scholarship niya, at kailangang maayos siyang makisama sa ilang maiimpluwensyang estudyante sa university—mga anak ng politiko, business tycoons at kung sinu-sino pang mayaman na kaya lang nakapasok sa *Ackerton* ay dahil regular contributor sa scholarship fund ang mga magulang. Anim sa mga maiimpluwensyang iyon ay kasama niya ngayon.

He didn't know exactly why or how they became his friend. Hindi nga siya makasabay sa lifestyle ng mga ito, at kahit gusto siyang ilibre ay madalas niyang tinatanggihan. Hindi rin matapobre ang mga ito; condescending minsan pero tolerable naman.

Average lang si Aidan at hindi masasabing matalino. Hindi rin siya star athlete pero active sa paglalaro ng basketball at soccer. He won't consider himself a campus figure but they've been friends for years and these people had been good to him. That's why he was trying not to offend them in any way.

Maaaring magkaibigan sila pero hindi niya maaalis ang pag-aalala na baka may gawin ang mga ito para matanggal ang scholarship niya. Nakita na niya kasing ginawa iyon ng mga kaibigan sa ibang tao. Kaya kahit komportable na siya sa mga ito ay ingat pa rin siya sa mga sinasabi. He wasn't the most

confident, secure guy. He's a bit of a loner. Ayaw niyang magulo na lang ang mundo niya dahil lang hindi siya naging maingat.

Nakakalungkot na mukhang hindi gusto ng iba niyang kaibigan ang babaeng sa loob ng halos isang taon ay may tula, sketch o essay para sa kanya sa Literary Section ng school paper nila kada issue. Libre ang bawat issue ng publication na iyon, at sinisiguro niyang palagi siyang may naiuuwing kopya. Itinatago at iniipon niya kasi ang bawat sinulat ni Jessamyn para sa kanya.

“Really? ‘Yung totoo, Aidan? Okay lang ‘yun sa iyo?” hindi makapaniwalang tanong ni Aira.

Napangisi si Janina. “Sabagay, sanay ka na siguro sa gan’ung atensyon.”

“Nagtaka pa kayo eh ang ampogi niyang si Aidan. Di n’yo ba napansin ‘yung mga freshman na nanonood pag nagre-rehearse ang banda? Pag may scrimmage kami sa field?”

“Matindi ang kamandag nito. Mahiyain pa daw nang lagay na ‘yan!”

“Pero si Jessamyn talaga ang panalo! Talagang ipinapaalam sa buong *Ackerton!*”

“Oo nga, ang kapal.” Janina rolled her eyes.

“More like brave,” kontra ni Benj na ang pamilya

ay may-ari ng mga boutique hotels sa Metro Manila, Cebu at Davao.

“And she’s also cute!” dagdag ni Ethan, anak ng isang TV network executive at concert producer.

“Musician din ‘yun. Tutugtog daw sa Acoustic Night sa main park next week. Hala, baka puro tungkol sa ‘yo ang kantahin!”

“Guys, ano ba! Don’t give him any ideas! I doubt Aidan even finds that little witch attractive!”

“Yeah, ang type ni Aidan ‘yung mga gorgeous talaga, elegante at sexy!”

“Sexy naman ang pagiging boyish ni Jessamyn...”

“God, are you like, joking?”

Napailing na tumayo na siya at inawat ang mga kaibigan. Kailangan na rin niyang umalis sa tambayan nila sa courtyard ng building nila dahil may practice pa siya. “Huwag n’yo nang pagtalunan ‘yang mga non-issue, okay? But you guys have to be at the Acoustic Night next week. Last na ‘yun before we graduate next year. And bro! Kasama sa magpe-perform si Hillary. Di ba crush mo ‘yon?” Nakangising nakipag-fist bump siya kay Ethan na namula.

He was relieved when he finally got away from his friends, before any of them notice that he’s

beginning to get pissed by what they say about Jessamyn, especially the girls.

Sana walang nakakapansin, at hangga't maaari, ayaw niyang may makaalam. Hindi niya tiyak sa ngayon kung paano iyon gagawin pero isang araw, gusto niyang kilalanin ang babaeng mag-iisang taon nang nagpapasaya sa kanya dahil sa kakaibang paraan nito ng pagpapahayag ng nararamdaman.

Sana ganoon din siya katapang.



“Hindi talaga namin kinakaya ang tapang mo, baks! Iba! Kung ganyan ako ka-brave at kasing-cute at sexy mo, baka lima ang boylets ko tapos sabay-sabay!”

“Buti na lang hindi ka nahawa sa tagong kalandian ni Troy. Isa-isa lang, pero pag sawa na, break agad at hanap ng iba!”

Naiiling na itinuloy lang ni Jessamyn ang pagre-retouch ng lipstick niya sa harap ng salamin ng kuwarto ng isa sa mga kaibigan niyang si Gray. Malapit lang sa pinapasukan nilang unibersidad ang townhouse nito kung saan ang tanging kasama nito ay ang tiyahin at pinsang lalaki na nasa high school. Doon na rin sila kumain ng hapunan courtesy of Gray's Tita Luisa na gustung-gusto na naroon sila

para daw may ibang makausap ang anak nitong mahiyain na si Vino. Kasama nila ngayon sa kuwarto ang huli at kung hindi kumukuha ng pictures o videos nila ay pangiti-ngiti lang.

Isasama nila ang binatilyo sa *Ackerton* para manood din ng annual Acoustic Night nila, na ginaganap sa huling araw ng klase bago ang Christmas break. Si Vino ang official photographer nilang tatlo. Magpe-perform sila ng tatlong kanta sa gabing iyon. First time nila sa Acoustic Night, pero active na sila dati pa sa mga college stage productions at events. Sadyang makakapal ang mukha at mga walanghiya daw sila, ayon sa kaibigan nilang organizer ng Acoustic Night, kaya bago mag-graduate sa April ay kailangan daw nilang magkalat sa annual music event na iyon ng *Ackerton*.

At may misyon din si Jessamyn kaya nag-e-effort na magpaganda ngayong gabi. She wanted this to be the last time she would ever do anything for her long-time crush, Aidan Pedrosa. Magdadalawang taon na rin siyang infatuated sa lalaki, at kalahati sa panahong iyon ay ginugol niya sa hayagang pag-e-express ng nararamdaman para rito. It's her form of exorcism, of hopefully getting rid of what she was feeling for him. By letting him know, she's letting

herself and her feelings go little by little.

Alam niyang hindi siya mapapansin ni Aidan, lalong hindi siya nito magugustuhan kahit pa mabait ito sa kanya. Yep, they've interacted. Nginingitian siya nito kapag nagkakasalubong sila o nagha- "Hi!" kapag aksidenteng nagkikita o nagkakatabi sa mga lugar gaya ng library, cafeteria, auditorium, botanical garden at pati sa abangan ng sasakyan sa Gate 3. Sa lahat ng pagkakataong iyon, seventy percent yata ay natulala siya. Kay Aidan lang talaga walang laban ang kapal ng mukha niya.

Kaya sa loob ng nakalipas na taon, idinaan niya sa Arts and Literature insert ng school paper nila ang pagsubok na pakawalan ang nararamdaman. She didn't care if people thought it was creepy or weird, that was exactly what she wanted him to think. Maybe then, he'd quit smiling or saying "Hi!" and it would be easier to forget.

Pero iba ang nangyari simula nang malaman ng buong *Ackerton* na crush ng editor-in-chief ng school paper ang magaling na guitar accompanist ng university chorale dahil binuo niya ang pangalan nito sa dedication pagkatapos ng unang tulang inilabas niya. Now, he actually knew her name, and he made it a point to say it whenever they'd see each

other.

*“Hi, Jessamyn.”*

*“Hello, Jessamyn.”*

*“Good morning, Jessamyn.”*

*“Uuwi ka na, Jessamyn?”*

*“Ingat sa pag-uwi, Jessamyn.”*

*“You’re a very good writer, Jessamyn.”*

Ang nakakainis, hindi siya nabibigyan ng chance na sumagot dahil bago matapos ang pagkatulala niya ay wala na si Aidan. Matapang lang talaga siya kapag hindi ito kaharap, o kaya wala ito sa paligid.

Pero ngayong gabi, lulubusin na ng dalaga ang kapal ng mukha. Aidan would be there as a performer with the chorale, and he would most likely stay. He would be in the audience, and at some point in the night, she would be on stage with her friends, singing a song for him, letting him know he meant more to her than anyone should, and hopefully, that’s it. Malaya na sana siya at makaka-move on na. *Sana.*

*“Ready na, baks?”* untag ni Troy.

Kinuha ni Jessamyn ang gitarang nasa faux leather case at isinabit sa balikat. Nagsisimula na siyang kabahan. *“Ready na. Let’s go!”*



*“Whoa, nice! Ganda pala nitong si EIC!”*



“Check out those runner’s legs, bro. Sipa aabutin mo d’yan pag gin\*go mo.”

“Paps, kung di mo type, after this night, pila na ang magpapapansin d’yan.”

“Wala eh, long hair talaga ‘tong si Pedrosa.”

“What’s to like about legs na ma-muscle? Eww.”

“And she’s got a scar above her left knee. Hindi flawless.”

“Bad hair, too. Dinaan na lang sa Santa hat.”

“Can we just leave na lang? Bar hop na lang than suffer through this thing.”

Bumuntong-hininga si Aidan at tiningnan ang mga kaibigan. “We still have one set after the group from Engineering. Kung gusto n’yo nang umalis, okay lang. I really appreciate it that you’re here,” nakangiti at mahinahong sabi niya bago ibinalik ang tingin sa stage kung saan tapos nang mag-ayos ang grupo ni Jessamyn. May dalang gitara ang babae, pati ang kasamang matangkad at mestisuhing lalaki. Beat box at bongos naman ang nasa harap ng isa pang babae na mas mataas nang kaunti kay Jessamyn.

Everyone was dressed in dark blues and reds, and a Santa hat. Maikling striped dress at mid-calf boots ang suot ng EIC ng school paper nila, may kaunting makeup at tila ginulo ang hanggang balik

na buhok. Ngumiti ito sa audience na nag-cheer. “Hi, good evening, everyone.” Then, her eyes fell on him. Nasapo nito ang dibdib bago kunwari ay inayos ang buhok. “Hala, nandito ang crush ko! Hi!” Kumaway ito.

Napakurap si Aidan, kinabahan. Gusto niyang magtaas ng kamay at kumaway rin, o tumayo at mag-flying kiss pero nanigas yata ang buong central nervous system niya. Ang pagngiti na lang ang kanyang nagawa at wala nang pakialam kung nakamasid ang mga kaibigan.

“Oh, my God! Nag-smile ang crush ko! Wala, uwian na. ’Bye!”

A huge part of the audience protested. Jessamyn Caparas was obviously popular and well-loved.

“Joke lang! Okay, we’re allowed three songs at dapat isa d’un ay pang-Christmas. Kaya sira ang plano kong puro para kay crush ang kakantahin. Tsk.”

“Go, Jessamyn! Pangalanan na ‘yan!”

“Jessamyn, idol!”

“I love you, Jessamyn!”

Napalingon siya at gustong hanapin ang huling nagsalita para makipagpalit ng puwesto dito. He’s a f\*cking coward. He wanted so much to raise his

fists in the air, to clap until his palms were numb, to cheer. But all he could do now was gaze at her and hope that she would notice.

“Huwag mong masyadong titigan, bro. Baka matunaw.”

“Tatablan pa ba, eh, ang kapal ng mukha ng babaeng ‘yan?”

“What the f\*ck is your problem, Aira?”

He sighed. “Guys, quit it.”

Nagbulungan na lang ang mga kasama niya habang nasa stage muli ang atensyon ni Aidan. Jessamyn’s group started with a Christmas song by *N’Sync*. Maganda ang boses ng tatlo, malinis tumugtog at maayos ang blending. Parts of the crowd sang along and he wished he knew the lyrics. Nang matapos ang kanta ay ngumiti si Jessamyn, at dumerecho ang tingin sa kanya.

“Hi, crush. Eto na...” Her fingers slid back to the fretboard. Nakangisi ito nang sumulyap sa mga kasama, na napangiti din, parang may private joke. “Here’s *Wonderwall*’ by *Oasis*...”

The group’s version was with a slight reggae/ska feel to it and they sounded good. He mouthed the words at times as he kept his focus on stage and felt his heart skip a beat everytime Jessamyn would meet

his eyes. Minsan ay parang nagugulat ito, parang kinakabahan din pero hindi nawawala sa tempo at tono. Pero hindi na maitatago ang pamumula ng mukha nito.

God, he wanted to go up there, take her in his arms and kiss her.

Loud applause and cheers greeted the trio after the song. Hindi na rin napigilan ni Aidan na pumalampak, pati ng mga kaibigan niya maliban sa mga babae.

When the noise subsided, Jessamyn spoke with a smile and a slight hesitation in her voice. “So, eto na. Wait lang. Okay, this last song is definitely for you. And after this, may New Year’s gift ako sa iyo. You’ll know what it is sa January issue, of course. Alam kong magugustuhan mo iyon. At salamat kasi hindi ka napipikon sa ‘kin.”

Nakatitig lang si Aidan sa babae at hindi maintindihan ngayon kung bakit parang malungkot ito, kahit ngumiti sa kanya bago tumingin sa percussionist.

Pagkatapos ay niyuko na ang gitara, hinintay ang cue ng kasama bago nagsimulang tumugtog at nag-angat muli ng mukha para ilapit ang bibig sa mic. She smiled, but now, her eyes were obviously sad.

*“Maybe you’ll soon forget about all, and maybe you’ll miss it like I do...”*

*Oh, man, that song.*

*“Kaka-in love, paps.”*

*“What a creep. Desperada talaga.”*

He felt his jaw clench, along with his fists but he kept his eyes on Jessamyn. Ang ganda pero ang lungkot ng version nito ng kanta. Halos tahimik ang audience na mukhang na-mesmerize na rin sa babae pero sa huling minuto ng kanta ay may nagsimulang mag-ingay.

A loud chorus booing, joined by words like ‘malandi’, ‘papansin’, ‘pangit’, ‘desperada’ then, ‘maghubad ka na lang para mapansin ka.’ Hindi na niya napigilang tumayo, at may iba na ring audience members ang tumayo para hanapin kung sino ang grupong iyon, pero sandaling namatay ang ilaw, may tatlong segundo siguro, dahilan para ma-distract ang lahat at pagbalik ng liwanag ay wala nang nag-iingay ng verbal assaults para sa babaeng nanatiling nakatayo sa harap ng mic, tinapos ang kanta habang nakatingin sa kanya.

God, he felt so proud of her at that moment. *I’m not worthy, how can you even like me?*

*“Then, as her friends continued to play the few*

remaining notes of the song, Jessamyn started to pull off her hat, slowly revealing something that was written on her forehead to her left temple, in cursive. With a winking emoticon. His name.

*Tattooed on her mind, indeed.*

“*Sharpie* lang ‘yan. Mawawala din.” Bumaling ito sa audience kasabay ng pagsuot uli ng hat. “Goodnight. Enjoy the Christmas break.” Pagkatapos, mabilis na nitong iniligpit ang mga dala, bago parang nagmamadaling umalis na ng stage kasama ang mga kaibigan.

Gustung-gusto niyang humabol pero hindi niya alam ang sasabihin. Maybe get her number? Address? Ask her out? Then, what?

Damn it, he’s such a coward. He knew he couldn’t, not right now.

*But one day, one day soon.*

# CHAPTER *Three*

*H*i, Miss Caparas.  
This is a request to please stop publishing poems, essays or whatnots dedicated to me. I've never appreciated, never liked any of it at all. I feel creeped out, harrassed and humiliated by how my name and/or initials regularly came up in your paper. You are entitled to your feelings, just leave me out if it.

I tried being nice, hoping you'd feel guilty but I guess that just encouraged you. Your desperation is beyond help, but I still wanted to try and ask you to stop.

I don't like you, at all. I never found you attractive. I'm not impressed by whatever you've

---

*achieved. I'm sorry I don't know how else to say this but I just don't.*

*I'm hoping for a favorable action regarding this one. Otherwise, I may have to take this to the authorities and file a harrasment complaint and a restraining order. Thank you.*

Pangatlong beses nang binasa ni Jessamyn ang email na iyon. Ang date ay noong mismong araw ng acoustic gig nila sa park at ang oras ay bago mag-alas cuatro ng hapon. The email was sent from pedrosa\_ac114@gmail.com to their paper's email server provided by the university and was inaccessible outside the *Ackerton* campus.

Ngayong unang araw ng pagre-resume ng klase matapos ang Christmas break lang niya nabasa ang mga emails para sa Feedback Section ng diyaryo nila. Three days from now pa magsisimula ang printing at sa isang linggo ang labas at distribution. Gawa na ang issue, na-layout na at may idadagdag na lang na fillers, artwork at iyong para sa Feedback Section.

She went on vacation last year feeling happy, thinking there's a chance that Aidan might like her, too. Napapangiti si Jessamyn sa tuwing maiisip ang ngiti nito, at kinikilig pag naaalala kung paano siya



tingnan ng binata. Pero kasinungalingan lang pala ang lahat.

He was being nice hoping that she'd feel guilty? Who would do that? Apparently, only spineless a\*sholes like Aidan Pedrosa and his gang of entitled elitists.

Nasapo niya ang dibdib bago uminom ng tubig, at tiningnan muli ang email. *Dami pang sablay ng grammar mo, ang awkward at pretentious ng syntax and semantics. I always claimed to be sapiosexual, ewan ko ba kung bakit nagustuhan kita eh hindi naman impressive ang utak mo. Guwapo ka lang. More on the 'sexual', less on the 'sapio'.*

Bumuntong-hininga siya at kinopya iyon verbatim at inilipat sa nakahanda nang layout para sa Feedback Section. Four to five emails ang ipina-publish nila kada issue na monthly ang labas. Karamihan ay reaction sa kung anong issue on campus. Hindi nila sinasagot ang mga iyon maliban kung may kailangang itama o linawin.

She was making an exception on this one though, so she began typing a response:

*Hello, Mr. Pedrosa,*

---

*I've only had the chance to read your letter today. Had you waited, you will know that our January issue is my gift for you, remember what I said during Acoustic Night? No more 'poems, essays or whatnots' with your name/initials on it. Nada. Zero. Zilch.*

*I apologize for whatever inconvenience my 'feelings' and my way of expression may have caused you. I meant no harm, didn't expect anything, I'm also ready for the consequences of my actions. Please send a copy of your complaint or restraining order to me, care of this office. Thank you.*

Kinahapunan, matapos ang mga klase at nang bumalik si Jessamyn sa opisina ng school paper nila ay may pag-aalalang nakatingin ang mga kasama niya, sa pangunguna ng adviser nila na si Professor Annie Jaleco.

“Sigurado ka na ba sa final copy, Jessamyn?”

Tahimik na tumango siya. Makapal naman siya, eh di, panindigan!

She didn't see Aidan in their building or around campus in the next few days. Ang balita ay nagkasakit ito matapos ang out of town New

Year's Eve trip kasama ang mga kapatid. Sinubukan niyang huwag na itong intindihin, wala na siya dapat pakialam.

Wala siyang klase maghapon tuwing Miyerkules, at ang araw na iyon din ang labas ng bagong issue ng school paper nila. Kinabukasan, sunud-sunod at halos walang break naman ang klase niya kaya wala siyang panahon na intindihin ang mga tumitingin o nakakasalubong. Halos hindi rin siya hinihiwalayan nina Gray at Troy.

On a rainy Friday afternoon was the first time she was really by herself. May kanya-kanyang dapat gawin ang mga kaibigan, at late na siyang kakain ng tanghalian dahil sa tinapos na final edit ng thesis niya sa library. Para tuloy siyang zombie nang pumasok sa cafeteria sa kalapit na main park, at nawala sa isip na tambayan iyon ng grupo ni Aidan.

He was the first person she saw, and there was no way she could turn around to leave without being seen. Nakatingin din sa kanya ang mga kaibigan nito pero wala siyang pakialam. Nanginginig ang mga kamao, deretsahang tiningnan lang niya si Aidan, bago ito nilampasan para pumunta sa counter.

Fried noodles na may siomai, isang slice ng banana bread at iced green tea ang inorder niya.

Takeout lahat.

“I’ll take care of it, Jessamyn. We need to—”

“Eto’ng bayad, ate. Keep the change.” Ten pesos na lang naman ang sukli. Pamasaha sana niya sa jeep pauwi pero utang na lang siya sa mga kaibigan. Kinuha niya ang plastic bottle ng inumin at takeout bag, walang lingong naglakad na palabas.

“Jessamyn, we need to talk, please. I did not—”

Mabilis ang kilos niya. Kipkip ang bote at hawak ang paperbag sa isang kamay ay umigkas ang isang kamao niya, derecho sa mukha ni Aidan. Her fist connected with the skin below his right eye, before she withdrew.

“Pakibilisan ‘yung complaint, excited na ‘ko,” basag ang boses na sabi niya bago mabilis na naglakad palayo.

Hindi na umulit si Aidan na kausapin siya. Wala na rin siyang narinig na kahit ano tungkol dito dahil iniwasan ng mga kaibigan at kakilala niya na pag-usapan iyon in her presence. Sa sumunod na mga linggo ay naging abala sila sa thesis, graduation requirements at huling issue ng school paper.

By the first week of March, she was done with her defense and got an A plus. Isa siya sa mga *cum laude* nang magtapos pagdating ng April. Hindi um-attend

ng graduation si Aidan sa dahilang hindi niya alam, at hindi na pinag-interesang alamin.

At simula noon, hindi na rin siya sumulat ng kahit ano—poems, essays or whatnots. Nada, zero, zilch.



*Present time at Baras, at almost midnight*

“Baks, sure ka ba dito? Makikitulog ka sa villa ni Aidan? Alam at naalala mo kung sino siya, di ba?” may pag-aalalang bulong ni Troy.

Over an hour ago, nakuha na nito ang salamin niyang hindi naman nasira. Katabi rin niya ito nang kausapin nila via *Skype* video call ang may-ari ng *Sea and Sky Resorts* na si Chester Mondragon. Pigil na pigil ang kilig ng kaibigan niya sa guwapong boss ni Aidan. Ikinuwento niya ang nangyari at siniguro nitong sasagutin ng resort ang lahat ng damages at tutulongan siya sa kung anumang gusto niyang gawin sa muntik nang magsamantala sa kanya.

Patapos na ang pag-uusap nila nang dumating ang lalaking kasamang nagligtas sa kanya kanina—si Kuya Mando. Nasa isang function room na raw ng inn ang suspect, ang dalawang kaibigan nito, ilang tanod, kapitan ng barangay at pulis.

“Yeah, sigurado ako. I needed to really rest, beks.

Alam at naalala ko kung sino siya. This wouldn't mean anything than me taking advantage of their offer. Huwag ka nang ma-stress d'yan." Tinapik niya ito sa braso.

"Ako, mai-stress? Pagkatapos kong makita si Chester Mondragon na ang sarap tingnan, at si Mamang Pulis kanina na kamukha n'ung kinuhang babymaker sa *Frozen Flower*?" tukoy nito sa isang erotic Korean film. "Teh, 'hu u' ang stress sa 'kin ngayon!" Tumawa pa ito nang malandi.

Napailing lang si Jessamyn. Mabuti pa ang kaibigan, ang daling layasan ng stress. Samantalang parang sinalo niya ang lahat ng stress ngayon. She's so drained, physically and emotionally. Kung hindi lang siya napigilan kanina ay baka nagulpi na niya ang g\*gong Koreano na may *amats* pa kanina nang kuhanan ng statement at komprontahin niya. Panay naman ang pagso-sorry ng mga kaibigan nito, pero sinabing nauunawaan nila kung maba-blacklist ang lalaki.

It was agreed that the three Koreans would leave tomorrow, and the resort would reimburse their expenses and give them accomodations in another *Sea and Sky Resort* for two days, while complaints and requests were being filed.

Pumayag na si Jessamyn doon, pero hiningi rin niya ang permiso ng tatlo na i-post sa social media ang insidente bilang babala sa iba. Mayabang pa rin ang muntik magsamantala sa kanya, habang nag-apologize muli at pumayag ang mga kasama nito.

Nagpasalamat sila sa mga taong naabala, na binilinan ni Aidan na may libreng accomodation at pagkain sa resort sa susunod na weekend. The meeting was adjourned and she couldn't wait to finally rest.

“Okay na ‘yung guest room. Nailagay ko na rin d’un ang mga gamit mo,” imporma ni Aidan na kalalabas lang mula sa isang kuwarto sa villa. Nangunot ang noo nito nang makita si Troy na nakaakbay sa kanya. “I’m afraid you two won’t sleep comfortably in the bed. Double lang ‘yun. But you—”

“Beh, hindi makakatulog ‘tong si Jess kung magkatabi kami dahil kukulitin at chichismisan ko lang siya.” Sumulyap sa couch ang kaibigan. “Okay na ang ganda ko dito.”

Halata ang relief ni Aidan nang tumango. “Okay, cool. Help yourself to anything in the kitchen.”

Bumitaw sa kanya si Troy at halos itulak siya sa direksyon ng kuwarto. “Thanks, beh. Goodnight

na, baks!” Maarteng umikot ito at nilapitan ang mga gamit sa couch.

Napatingin siya kay Aidan na nakamasid. *God, this is real. He’s really here, and this is his place!* “Thank you, Aidan. I really appreciate this. I owe you.”

Bahagyang nagsalubong ang mga kilay nito. “No, you don’t. I’m happy to help, Jessamyn.” Marahan nitong itinulak ang pinto ng kuwartong tutulugan niya. “I know this was an exhausting night but try to rest, please?”

Pagod na ngumiti siya. “Okay, goodnight, Aidan.”

He stepped away from the door. “Goodnight, Jessamyn.”



### *The morning after*

“What the hell? Alas ocho na! I’m supposed to be up before six! Bakit walang gumising sa ‘kin?”

Napaatras sandali si Aidan pagpasok sa villa niya dala ang isang tray na may mga pagkain. Mukhang bagong gising at hindi pa nagsusuklay si Jessamyn, namumula pa ang mga pisnging may pillow marks at magkasalubong ang mga kilay.

Pero maganda pa rin.



Napahinga siya nang malalim nang bumilis ang tibok ng puso. “Good morning to you, too, Jessamyn.” Itinuloy niya ang paglalakad at dumerecho sa kusina para ibaba sa mesa ang mga dala.

She sighed. “Good morning... Aidan.”

He swallowed. Parang unang beses iyon na binanggit ng dalaga ang kanyang pangalan. Tila gumanda lalo ang umaga pero kinakabahan pa rin siya. “Gigisingin ka sana ni Troy kaninang six, pero nakita niyang mukhang pagod na pagod ka at ang himbing ng tulog. Sinubukan ka daw niyang gisingin pero ang lalim pa ng tulog mo. S’abi niya, siya na raw ang bahala sa grupo n’yo na magha-hike at breakfast picnic. Sa surfing activity at floating boodle fight ka na lang daw sumama para siguradong nakapag-rest ka na,” paliwanag ni Aidan bago kumuha ng mug at mga kubyertos.

Ilang segundong pinagmasdan siya ni Jessamyn bago nag-relax ang features nito. “Fine.” Frustrated na napabuga ito ng hangin. “Sorry, nasigawan kita. Hindi ko kasi gustong nasisira ang schedule ko, kahit pa may g<sup>x</sup>gong gumulo niyon kagabi.” Napailing ito.

Pinagmasdan niya ang babae. “Kumusta na ang pakiramdam mo? I could call our nurse to check on you. Pero mag-breakfast ka muna.” Ipinaghila niya

ito ng upuan.

“I’m...” Jessamyn stepped closer, then lifted her shirt to reveal her flat tummy.

Shocked na napaatras uli siya. *What the...?*

“Sh\*t, may pasa pa! Tingnan mo!” Umangat ang isang kilay nito nang pagmasdan siya, bago ibinaba ang kamiseta at ang maluwang na kuwelyo niyon ang hinila para ipakita ang balikat na may pasa rin. “Mas masakit ito, eh. Parang ngalay na ewan. Nirarayuma ba ang balikat?” Ibinalik ng dalaga sa ayos ang kuwelyo.

“Um, I... I...” Hindi pa rin makapaniwala si Aidan sa ginawa ng babae. Was she that comfortable with him? Uninhibited? Gising na ba ito? And her shoulder was bare, as in...

He averted his gaze and took the thermos to place it on the dining table. He did not want to think about the fact that Jessamyn was wearing nothing under that huge shirt. *Sh\*t.*

“May pasa din ang kanang hita ko pero mahirap itaas ang pajamas.” Ininspeksyon nito ang mga dala niya. “Wow, seafood fried rice!” Kinalabit siya ng babae. “Kain tayo!”

He blinked. “Kumain na ‘ko kanina.”

“Eh di, kumain ka uli!” Naupo na ito at excited

---

na nagsalin ng pagkain sa plato.

Nakatingin lang siya kay Jessamyn, kinakabahan na nagtataka na nagugulat. Hindi niya alam kung ano ang iisipin sa inaakto ng babae. Masyadong kaswal at komportable.

Naalala pa kaya nito kung sino talaga siya, kung paano ito sa kanya, kung ano sila dati?

## CHAPTER *Four*

*M*ondragon Tower, BGC, Wednesday

“You don’t believe me? Bro, you’re like, twenty-eight! You’re a freakin’ millennial! How come you don’t know these things? Your video was all over *Facebook* and travel blogs! May fans ka na, kayo ni Jessica!”

“Jessamyn,” he corrected. Nangungunot pa rin ang noo niya habang nakatingin kay Chester, na halos tumalbog na sa excitement. The man was several years older than him but he’s practically lighting up like a kid on Christmas morning. “At hindi pa ‘ko nagpe-*Facebook* since Saturday. I mostly crosspost via *Instagram* or *Twitter* to our page.”

Miyerkules ng tanghali nang ipinatawag siya ni Chester sa opisina ng *Sea and Sky Resort* sa *Mondragon Tower* sa *Bonifacio Global City*. Kapag weekdays ay madalas na nasa Manila siya para makita ang mga kapatid at pamangkin, pero mandatory na nasa isa sa mga *Sea and Sky Resorts* siya kapag weekend. Chester rarely calls him or the other partner-investors to meet him except during their regular monthly meetings. Hindi rin ito ang tipo ng boss na palaging seryoso, pero kakaiba ang excitement nito nang araw na iyon.

“My wife was the one who showed me this.” Ipinatong nito ang laptop sa mesa at iniharap sa kanya. “Apparently, one of the girls from Jessamyn’s tour group was in the lobby and saw you with her in your arms.” He tapped the screen. “Read it, man.”

Bumuntong-hininga si Aidan bago isinuot ang salamin sa mata at hinila pa palapit ang laptop. Ikinuwento ng original na nag-post kung bakit at paano nito nakunan ng video ang dalawa.

*This past weekend, kasama ko si boyfie sa isang beach camp organized by Sand and Stars. Next post ko na ikukuwento kung paano kami nag-enjoy, mga bes. Kailangan ko lang i-post ito dahil kinikilig pa ako*

*(at si boyfie! Wahahaha) hanggang ngayon.*

*So nung Saturday night, nasa lobby kami ng Sea and Sky Inn at naghihintay na makagamit ng bathroom. Ang ganda ng lobby, mga bes! Sobrang Instagrammable kaya sinamantala namin at nag-selfie galore. Tapos, biglang pumasok ang isang Greek god, este, si Kuya na later on ay nalaman naming boss pala sa resort na iyon. May karga siyang girl, as in princess style na karga in his arms, mga bes, tapos sabi ni boyfie, “Di ba si Ate Jessamyn yun?” I’m like, “OMG, si Ate Jessamyn nga!”*

*Si Ate Jessamyn po ay ang cute at sexy na camp leader namin. Sobrang bait at sweet po ni Ate, astig pa! Pero nung time na makita namin siya na karga ni Kuyang boss sa resort, parang ang fragile niya. We found out later on from Mami Troy, ‘yung isa pang camp leader, na muntik daw po ma-rape ng kasama naming Korean tourist si Ate Jessamyn pero iniligtas siya ni Kuya Aidan. Si Kuya Aidan po yung boss sa resort na may karga kay Ate Jessamyn. Huhu ang sweet, mga bes!*

*They were at the lobby for several minutes, and yes, I just had to capture them on video. Pansin nyo how he looks at her, how he strokes her hair, how he talks to her? Waaahh, di ko alam kung kikiligin ako*

*o matutunaw. Grabe po. Sabi ni Mami Troy, sa villa daw ni Kuya Aidan sila matutulog kasi Kuya Aidan wants her to really rest after what she's been through.*

*Ang sweet, 'no? Tapos, the next day, OMG kasama sa floating noodle fight keme lunch si Kuya Aidan, tapos parang ayaw ni Ate Jessamyn. Ahihihi... Weh! Ewan ko kung may history sila pero sure ako na may chemistry! Try kaya nilang mag-one plus one as in Math at mag-Biology? Char! Pero guys, seriously, Kuya Aidan was there to make sure na super okay na si Ate Jessamyn. Gusto ko tuloy subaybayan kung magkikita pa sila since partners pala ang Sand and Stars at Sea and Sky sa mga weekend camps.*

*Dear Ate Jessamyn and Kuya Aidan, gawan nyo ng paraan, magkita kayo ulit? Single daw kayo pareho, eh. Ayiiiee ♥♥♥*

Then, there was a slightly shaky video of them at the lobby, then on the boat the next day. Na-capture kung paano niya tingnan si Jessamyn, at nang ilapit nito ang mukha para mas marinig ang sinasabi niya. There was one part where he's helping her pry open a crab for her, another with her putting a slice of watermelon in his mouth. Nasa video rin kung paano niya alalayang makababa ng bangka si

Jessamyn nang makabalik sila sa beach.

At ang lahat, ay ginawang parang music video using some upbeat song by *Bon Iver*.

“Did you see the sixty-six thousand likes, twenty-nine thousand shares and seventeen thousand comments? And how people are suddenly interested in *Sand and Stars* and our resorts? All our inns are booked full for the next several weekends, and I imagine *Sand and Stars* getting all these calls and requests now. Alam mo ‘yung sinabi n’ung ibang nagbu-book? Gusto ka nilang makita, pati si Jessamyn. Sana raw matiyempuhan kayo.”

Nakatitig lang siya kay Chester, hindi pa rin maintindihan kung ano ang gusto nitong sabihin.

“*Sand and Stars* already have scheduled weekend camps with us in the next three months. Alternate pala sa pagsama sa mga camper ang mga partners d’un. Ibig sabihin, every other weekend kasama si Jessamyn.”

Umangat na ang isang kilay ni Aidan. Unti-unting lumilinaw ang maaaring gustong mangyari ng kanyang boss.

“Aidan, my man! Something tells me you’re seeing Jessamyn next weekend.”





---

*In an office in Quezon City, same day*

“Ano? Bakit mo ‘ko tinitingnan nang ganyan? Hindi *chararat* ang sinabi ko. Sold out na talaga ang slots sa lahat ng camps natin for the next three months! Sixty-five percent na ang nagbayad ng deposits at full as of 1p.m. At may mga nasa wait list pa in case daw magdagdag tayo ng slots kahit malinaw sa policy natin na maximum of thirty lang per camp. Baks! Have you seen our social media pages? Nagtriple ang interactions since that video was posted! I’m sure pareho lang din ang nangyayari ngayon sa *Sea and Sky!*”

Nakatitig lang si Jessamyn kay Troy, at kina Andrew at Gray na gaya nito ay kumikinang na ang mga mata sa excitement. Less than an hour ago siya dumating sa opisina ng events and travel company nina Troy at Andrew, at naabutan na naroon si Gray na agad nagbalita sa kanya ng tungkol sa viral video nila ni Aidan.

Napabuntong-hininga siya. Who would’ve thought that his name would ever still come up in conversations, especially with his friends, and after all these years? At dahil pa iyon sa isang video na hindi niya inaasahang magkakaroon sila.

She was only being grateful, and partly trying to

turn him off when she decided to be sweet to him on the boat. Tinitingnan niya kung gaya ng dati ay naalibadbaran pa rin si Aidan sa ideya na may gusto siya rito.

*I don't like you, I'm not even attracted to you...  
Please just stop...*

Those words haunted her the entire weekend. Kahit nagpapasalamat siya sa pagliligtas ni Aidan at sa tulong nito para mabigyan ng justifiable na parusa ang nagtangkang magsamantala sa kanya, naiilang pa rin siya. All she could think about were the crazy stuff she did back in college, when she was still infatuated with him and thought her blatant expression of it was the way to go.

Hindi siya umaasa ng kahit ano, pero nasaktan pa rin nang derechahin siya ni Aidan sa pamamagitan ng 'feedback' letter na iyon.

Iniisip niyang sa paglipas ng mga taon ay makakalimot at makaka-move on din siya sa nangyari, pero noong makita niya uli ang binata, kinabahan at medyo natakot pa rin si Jessamyn. She was immediately reminded of her old heartbreak, brought by what she had for this man who just saved her from what would've been a living nightmare.

*"How are you feeling now, Jessamyn? Don't worry,*

*may kalalagyan ang g\*gong iyon. Sigurado kang wala nang ibang masakit? Do you think you need to see a shrink or something? To help you process this—*”

*“I’m okay, Aidan. I’m still a bit shaken and shocked, still mad until I’m sure that a\*shole won’t be back here anymore. Pero kaya ko na ang sarili ko. Hindi ako nakakaramdam ng panic attack o magbe-breakdown or anything.”*

*“Okay, that’s good. Pero pag-uusapan namin nina Boss kung paano ‘yan maiiwasan sa susunod. His sister is a top lawyer and has a pool of bad\*ss investigators. We might consider doing background checks or imposing stricter security. We’ll update you...”*

*Sh\*t, now they’re sort of reconnected and in ways, have to work together.*

*“Teh, ano na? Naiisip mo pa ba ‘yung abs at biceps ni Aidan? Grabe, ’no? Who would’ve thought na may iguguwapo at ise-sexy pa ‘yun? Eh, kahit n’ung college na lagi siyang maputla, ang hot na niya, eh. Like, look at this sun god! My gulay! No wonder hindi mo natiis na hindi lapitan!”*

*Nagsalubong ang mga kilay ni Jessamyn sa ipinakitang screencap ni Gray. Pareho silang nakasandal ni Aidan sa railing ng barge at may kung*

ano itong sinasabi sa kanya. Magkalapit ang mga mukha nila. She recalled smelling his soap, the sun, sea and wind when he leaned closer. She held her breath then, as her grip on the railing tightened. She hated that his nearness made her heart beat faster.

“Hindi kami magkarinigan nang maayos dahil sa ingay ng alon at hampas ng hangin, may boombox pa ‘yung barge. He was asking something about the logistics of booking weekend camps,” naiiritang sagot niya, kahit kinabahan sa hindi niya malamang dahilan. Pagkatapos, tinaasan niya ng kilay si Gray. “Napansin mo pa talaga hitsura niya? Eh, di ba ikaw ang unang tumawag na hunyango sa kanya n’ung college tayo? Na gusto mong ipa-foot spa ang pagmumukha niya?”

Napangiwi si Gray. “That was in college. Katropa pa niya ‘yung mga elite ng *Ackerton*. I already did research on him now, parang hindi na niya ka-close iyon, except for the guys. Nagbabago at natututo naman ang mga tao over time, Jess. From what I’ve seen of Aidan now, he seems—”

“Let me guess, you stalked his social media pages?” Napailing ang dalaga.

“Of course!” Gray pursed his lips. “Mukhang mas okay siya ngayon. He’s still single—”

“Walang nagtatanong.”

“I’m telling you anyway.” Her friend smirked. “At kung tingnan ka niya sa barge, parang ang dami niyang gustong gawin sa ‘yo?’”

She snorted. “Guni-guni mo lang ‘yun.” Pero bakit parang ang init ng leeg at pisngi niya?

“I tried to zoom in below his waist to check if he’s having a—”

Inambaan niya ng sipa ang kaibigan. Natawa lang ito. Now her cheeks were burning.

“There’s almost something there, Jessamyn. Kunwari ka pa, gusto mo rin namang malaman.” Nag-high five pa ito at sina Troy at Andrew, na amused na nakikinig sa usapan nila.

“Seriously, Jessamyn... Oo, seryoso kami kaya buuan na ‘to ng pangalan! Seriously, hindi mo pa ba naisip kung ano ang impact ng video na iyon sa *Sand and Stars*? Huwag na sa *Sea and Sky* dahil mayaman na sila. Pero ang tindi ng competition sa industry natin, malaking opportunity ito na hindi natin dapat sayangin.” Naupo sa tabi niya si Troy.

“Alam namin kung ano kayo dati, Jess. Hindi iyon basta kinakalimutan porke maraming taon na ang dumaan. That will always be part of your history. That could also be part of why you two could

possibly have something now,” dagdag ni Gray.

Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa dalawa; hindi makapaniwala. “Are you two f\*cking kidding me? Come on, sa tingin n’yo papatol ako sa lalaking walang backbone? Sa lalaking hindi ako gusto, paalala ko lang. Utang na loob.”

Nagkatinginan ang dalawa. “Hindi mo naman kailangang pumatol, teh. Okay na ‘yung natural na reaction mo sa kanya. Anyway, mas siya naman ‘yung lapit nang lapit. Take advantage lang.”

Tinitigan niya si Troy. “Seryoso ka, bakla?”

“Bakit, makokonsensya ka ba, if ever?” hamon nito.

Napakurap ang dalaga, bago umiling.

“Hayaan mo lang lumapit. Huwag kang iiwas. Landian lang, teh. Hindi kailangang ma-fall.”

Napabaling siya kay Gray. “Paano pa ’ko mahuhulog eh bumagsak na ’ko nang bongga dati?”

“Precisely! Now, it’s his turn to fall.”

Napailing si Jessamyn. “Lakas ng tiwala n’yo sa ‘kin, ha.” She still could not believe they’re having this conversation. Sure, may theatre acting background siya, pero hindi niya naisip na magagamit niya iyon nang wala sa stage. And with Aidan, of all people!